# Kami ay nasa paglalakbay kasama ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-at kami ay ginabihan hanggang sa kami nasa huling gabi na,naktulog kami ng mahimbing na tulog,at wala ng pinakamasarap na tulog para sa manlalakbay mula rito,at hindi kami nagising maliban sa pag-init na ng [sikat ng] araw,at ang pinaka-unang nagising ay si pulano,pagkatapos ay si pulano,pagkatapos ay si pulano,pagkataapos ay si `Umar bin Al-Khattab

Ayon kay `Emran bin Husayn bin `Ubayd Al-Khuzaiy-malugod si Allah sa kanya-Nagsabi siya:Kami ay nasa paglalakbay kasama ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-at kami ay ginabihan hanggang sa kami nasa huling gabi na,naktulog kami ng mahimbing na tulog,at wala ng pinakamasarap na tulog para sa manlalakbay mula rito,at hindi kami nagising maliban sa pag-init na ng [sikat ng] araw,at ang pinaka-unang nagising ay si pulano,pagkatapos ay si pulano,pagkatapos ay si pulano,pagkataapos ay si `Umar bin Al-Khattab,At ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan,ay kapag nakatulog ay hindi ginigising,hanggat sa siya mismo ang magising,dahil hindi namin alam kung ano ang nangyayari sa kanya sa pagtulog niya,at nang magising si `Umar bin Al-Khattab,at nakita niya kung ano ang nangyari sa mga tao,at siya ay lalaking mahigpit,Nagdakila siya [sa Allah]at itinaas niya ang boses niya sa pagdadakila[sa Allah],at nanatili siya sa pagdadakila [sa Allah] at itinataas ang boses nito sa pagdadakila [sa Allah] hanggang sa nagising dahil sa boses niya ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan,At nang magising siya,nagreklamo siya sa kanya dahil sa nangyari sa kanila,Nagsabi siya:(( Hindi makakapinsala-o Hindi makakapinsala-humayo kayo)) at humayo sila,hanggang sa nakapaglakad sila ng hindi kalayuan.Pagkatapos ay bumaba siya at naki-usap na bigyan siya ng lalagyan na may tubig,At nagsagawa siya ng Wudhu.at itinawag ang pagdarasal,At Nagdasal siya mga tao,At nang siyay namaluktot sa pagdarasal niya,kung-kaya't [nakita niya] ang isang lalaki ay nag-iisa at hindi nagdasal sa karamihan ng mga tao,Nagsabi siya: Ano ang pumipigil sa iyo o pulano na magdasal kasama ang karamihan sa mga tao?))Nagsabi siya:(Dumating sa akin ang pagiging Junub [linabasan ng similya] at walang tubig,Nagsabi siya:(( Nararapat sa iyo [ang paggamit] ng buhangin, sapagkat itoy sapat na sa iyo))Pagkatapos ay naglakad na Ang Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaaan-at ang mga tao ay nagrereklamo

sa kanya dahil sa pagaka-uhaw, Bumaba siya at tinawag niya si pulano, at tinawag din niya si 'Alī, Nagsabi siya:(( Humayo kayo, at maghanap kayo ng tubig)),Umalis silang dalawa at nasalubong nilang dalawa ang isang babae na nasa pagitan niya ang dalwang lalagyan ng tubig sa ibabaw ng kamelyo niya,Nagsabi silang dalawa sa kanya; Nasaan ang tubig?Naalala ko ang tubig na kahapon pa, tulad ng oras na ito, at ang mga tao namin ay nasa likod [lamang],Nagsabi silang dalawa sa kanya:Humayo ka kung gayun,Nagsabi siya: Saan?Nagsabi silang dalawa: Sa Sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Nagsabi siya: Siya ba ang tinatawag na Al-Sabian,?Siya na nga ang ibig mong sabihin,At humayo siya,At siya ay dinala nilang dalawa sa Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-at sinabi nilang dalawa ang [kanyang] sinabi,Nagsabi siya: Ibaba ninyo siya,sa kamelyo niya,At nagpakuha ang Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan ng lalagyan ng tubig,At linagyan niya ito mula sa bunganga ng dalawang baunan-o dalawang lalagyan ng tubig-At pinisi niya ito sa dalawang bunganga nito at binuksan ang mga bunganga nito, At tinawag ang mga tao, Uminom kayo at magpa-inom kayo,at uminom ang sinumang nagnais [na uminom] , at nagpainom ang sinumang nagnais [na magpa-inom],at ang pinakahuli doon ay ibibigay sa taong naging junub [linabasan ng similya],ang lalagyan ng tubig,Nagsabi siya:((Pumunta ka at lalagyan ko ito para sa iyo)).Habang siya ay nakatindig at tinitingnan ang ginagawa niya sa tubig,at sumpa sa Allah,tunay na aalisin kona ito rito, at tunay na ipinakita niya sa amin na ito ay may mas matinding pagkapuno rito mula ng simulan niya ito,Nagsabi ang Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-((Ipunin ninyo ito para sa kanya)) at inipon nila para sa kanya mga dates at harina at mga trigo hanggang sa ginawan nila siya ng pagkain,Inilagay nila ito sa damit at ipinabuhat nila ito sa kamelyo niya,at inilagay nila ang damit sa harapan niya, Nagsabi siya sa kanya:(( Alam Moba, Hindi kami nabiyayaan mula sa tubig mo ng kahit na kaunti man lang,Ngunit katotohanang si Allah ang Siyang nagpa-inom sa amin)) dumating siya sa pamilya niya at tunay na ipinagdadamot niya ito,Nagsabi sila: Ano ang nakakapagparamot sa iyo o pulano? Nagsabi siya: Nakakamangha,sinalubong Ako ng dalawang lalaki, at dinala nila Ako sa tinatawag nilang Sabian,at ginawa niya ang ganito, at ganito,Sumpa sa Allah, siya na ang [pinakamagaling] na salamangkero sa mga tao sa pagitan ng langit at lupa,at Nagsabi siya sa pagitan ng dalawang daliri niyang hinlalato at hintuturo, itinuro niya ito sa kalangitan-ibig sabihin: Ang langit at lupa-o di kayay siya ay tunay na siya ay Sugo ni Allah,at ang mga Muslim pagkatapos doon ay umaataki sa sinumang nakapalibot sa kanya mula sa mga Nagtatambal sa Allah,at Hindi na sila nanirahan sa bahay na kung saan siya napaparoon.Nagsabi siya isang araw sa mga tao niya:Hindi ko nakikita na silang mga tao ay sasadyaing mag-anyaya sa inyo, Gusto niyo ba para sa inyo ang Islam? At naniwala sila sa kanya, at yumakap sila sa Islam.

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Sa Marangal na Hadith na ito ay (matatagpuan) ang mga kabuuan ng mga panuntunan at mga Kababalaghan na ipinakita sa mga kasamahan ng Propeta-malugod si Allah sa kanila;ito ay sapagkat nang sila ay nasa paglalakbay at dinaig sila ng kanilang mga antok at nawala na ang dasal ng Fajr,Walang ibang ginawa ang Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan maliban sa ipahayag niya sa kanila kung ano ang nararapat nilang gawin sa tulad ng kalagayang ito at ito ay ang pagmamadali sa pagbayad ng pagdarasal,At ang iba pang bagay,Na ang sinuman sa mga kasamahan ng Propeta ang naging Junub at wala sa kanila

ang tubig,Ipinag-utos sa kanya ng Propeta pagpalain siya ni Allaha at pangalagaan ang mag Tayammum( paggamit ng buhangin o bato kapalit ng tubig),Napatunayan na sa kalagayan nang kawalan ng tubig,ay ipinapahintulot ang Tayammum sa pagligo.At ang pangatlong bahay at ito ay isa sa mga Himala ng Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan,Na kung saan ang mga tao ay nagreklamo sa kanya ng pagka-uhaw at kawalan ng tubig,Nagpadala siya ng sinumang maghahanap ng tubig ngunit wala silang natagpuan,at ang natagpuan nila ay isang babae na may dalang tubig sa dalawa niyang lalagyan,Dinala nila ito sa Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, at kinuha sa mga lalagyan nito ang tubig at nanalangin siya sa Allah Pagkataas-taas Niya,hanggang sa lumabas ang mga tubig, at ang mga Kasamahan ng Propeta ay nagpainom at nagsi-inuman hanggang sa kahit ang sinumang naging Junub ay kumuha ng tubig na pampaligo niya,pagkatapos ay kinuha ng babae ang lalagyan niya at siya ay nagsasabi,Na para bagang mas napuno pa ito mula sa dati,at ang Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan ay mag-utos na mag-ipon ng pagkain para sa kanya bilang kabayaran sa kanya,Na kung saan ay naging dahilan pagkatapos nito sa pagyakap Nita sa Islām at pagyakap sa Islām ng mga tao niya

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/8367

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC
E-Da'wah Committee